REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**KAPASIYAHAN BILANG 91-240**

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG ,MUNTINLUPA ANG PAGSASAGAWA NG DRAINAGE SYSTEM AT LUBAK-LUBAK NA DAAN NG SORIANO COMPOUND, BARANGAY PUTATAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, katungkulan ng pamahalaang bayan ang pagsisiyasat nang mga karaingan ng mga mamamayang nasasakop sa tungkulin nito;

SAPAGKAT, ang Soriano Compound na dating pagmamay-ari ng isang pribadong sektor ay kamakailan lamang nailipat sa pangalan ng pamahalaan;

SAPAGKAT, ang mga naninirahan sa Soriano Compound ay may suliranin ukol sa kanilang drainage system at lubak-lubak na kalye;

SAPAGKAT, sa sariling pagsisikap ng mga naninirahan dito ay naisagawa at nasimulan ang 25% para sa drainage na nagkahalaga na sa humigi-kumulang na Tatlumpung libong piso (P30,000.00) sa pagnanais na huwag na sanang gambalain pa ang pamahalaang bayan ay hindi naipagpatuloy ang proyekto dahil sa kawalan ng pondo;

SAPAGKAT, ang pagpapaayos ng drainage system at lubak-lubak na kalye ng Soriano Compound ay hindi lamang sa pagpapaganda ngunit mas mahigit na para sa kalusugan sa mga naninirahan dito;

SAPAGKAT , may humigit-kumulang na walumpung (80) pamilya ang mga naninirahan dito at walumpung (80) pamilya na may mga bata na pumapasok sa iskuwela at maaapektuhan sa pagkukulang sa pangangalaga sa kanilang paligid;

SAPAGKAT, sa pagkakataong may emerhensia, ang pagbabaha at lubak-lubak na daan ay makakaabala sa madaloy na paghingi ng tulong;

SAPAGKAT, ang pagsasagawa ng drainage system lalung-lalo na ay mahalaga para sa kalinisan at kaayusan ng paligid at nagsasaad ng mabuting kalusugan

SAPAGKAT, ang pagsasagawa ng drainage system ng Soriano Compound ay nasa humigit-kumulang na halagang Walumpu't Siyam na libong Piso (P89,000.00) at ang pagsasagawa ng lubak-lubak na daan nito ay Tatlong Daa't Dalawang Libo at Anim na Daan Piso (P302,600.00) na may habang tatlong daan limampu't anim (356) metro at lapad na limang (5) metro;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



SAPAGKAT, sa pagkakataong naisagawa ang proyektong ito at mapaunlad ang kalagayan ng Soriano Compound na sa ngayon ay pagmamay-ari na ng pamahalaang bayan, ang kasalukuyang halaga na Isang Libo (P1,000.00) kada metro ay tataas pa;

SAPAGKAT, ang malinis na kapaligiran para sa isa ay malinis na kapaligiran para sa kabuuan at gaya na ang suliranin ng isa nakakaapekto sa iba sa iba't-ibang paraan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang pagsasagawa ng drainage system at lubak-lubak na daan ng Soriano Compound, Barangay Putatan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 183rd regular na pulong na ginanagap ngayong ika-16 ng Disyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts